

Sistema Ukol sa Panganganak at Pag-aalaga sa Anak Para sa mga Nagtatrabahong Ama at Ina

働く女性・男性のための出産、育児に関する制度

Pag-aalaga sa Kalusugan ng mga Nagdadalang-tao

Ang mga nagdadalang-tao at kakaanak pa lamang na ina (ito ay sa panahong habang nagdadalang-tao at kakapanganak pa lamang sa loob ng isang taon) ay may karapatang makatanggap ng pagliban sa trabaho upang matugunan ang mga sumusunod na alintuntunin ukol sa kalusugan at maging sa kanyang pagpapatingin kung kanya itong hihilingin sa kanyang pinagtatrabahuan.

- Isang beses sa loob ng apat na linggo hanggang sa ika-23 linggo ng pagdadalang-tao
- Isang beses sa loob ng dalawang linggo mula sa ika-24 hanggang sa ika-35 linggo ng pagdadalang-tao
- Isang beses sa isang linggo mula sa ika-36 na linggo ng pagdadalang-tao hanggang sa makapanganak

Maaari ring madagdagan ang araw ng pagliban ayon na rin sa payong ibibigay ng kanyang manggagamot o komadrona.

Ang isang nagdadalang-tao, ayon na rin sa kanyang pagsunod sa payo ng kanyang manggagamot, ay nararapat na pahintulutan sa kanyang pinagtatrabahuan na magkaroon ng hakbang upang mapagaan ang kanyang trabaho: baguhin ang bilang ng oras nito, bawasan ang dami ng kanyang gawain, atbp.

Napapaloob sa mga hakbang na ito ang pag-iwas sa siksikang pagsakay tuwing papasok at uuwi pagkatapos ng trabaho; ang pagbibigay sa nagdadalang-tao ng saglit na pahinga; at ang pagtugon sa iba't ibang sintomas katulad ng *morning sickness* o ang pagkahilo at pagduduwal, sintomas ng maaaring ikalalag ng sanggol mula sa sinapupunan o ang panganganak ng wala sa panahon.

*Mangyaring gamitin lamang ang “Tarheta ng Pagbibigay-alam ng Gabay sa Pag-aalaga ng Kalusugan ng Ina” upang tiyak na maipabatid sa pinagtatrabahuan ang mga tagubilin ng doktor ukol sa pagpapanatili ng mabuting kalusugan ng mga nagdadalang-tao at ng batang kanyang dinadala. (Ito ay nasa nakahiwalay na “Karagdagang Pormularyo”. Gumamit ng pinalaking kopya.)

Ang Pagtatrabaho ng Isang Nagdadalang-tao, Kakapanganak pa lamang at May Sanggol na Inaalagaan

Ang isang nagdadalang-tao o nakapanganak pa lamang ay maaaring hindi mapabilang sa mga nagtatrabaho nang higit pa sa oras ng paggawa o obertaym, tuwing pistang opisyal, o sa panggabing oras (mula 10:00 ng gabi hanggang 5:00 ng umaga), kung kanya itong hihilingin sa kanyang pinagtatrabahuan.

And paggawa sa mga gawaing makasasama sa nagdadalang-tao o kapapanganak pa lamang tulad ng pagbubuhat ng mabibigat na bagay ay lubos na ipinagbabawal.

Maaaring magpalit o magbago ng mas magaang na gawain ang isang nagdadalang-tao kung ito ay kanyang hilingin.

Ang babaeng may anak na mababa pa sa edad na isang taon ay maaaring magkaroon ng 2 beses sa isang araw na tig-30 minutong panahon sa pagtingin ng anak kung ito ay kanyang hilingin.

Ang Pagliban Habang Nagdadalang-tao at Pagkapanganak

Maaring lumiban sa trabaho ang isang nagdadalang-tao nang 6 na linggo bago ang itinakdang araw ng panganganak (14 na linggo sakaling ito'y *multiple pregnancy* o panganganak ng kambal, *triplets*, atbp.) kung ito ay kanyang hihilingin.

Hindi maaaring pagsimulain sa trabaho nang 8 linggo matapos ang panganganak. Ngunit, kahit sa loob lamang ng 6 na linggo ay maaari na rin itong pagtrabahuin ayon na rin sa pahintulot ng nanganak at ng manggagamot na may pananaw ay wala siyang ikapapahamak sa magiging mga gawain.

Ipinagbabawal ang pagpapaalis sa trabaho sa kadahilanang siya ay nagdadalang-tao, nanganak o kumukuha ng *maternity leave*.

Sistema Para sa Pagliban sa Trabaho Upang Maalagaan ang Anak o ang Tinatawag na *Childcare Leave* para sa mga Ama at Ina

Habang nasa ika-1 taong gulang ang anak (kung may sapat na dahilan, maaaring umabot ng 1 at kalahating taon ng edad ng bata), ang ama at ina ay maaaring lumiban sa trabaho upang maalagaan ang anak kung ito ay kanilang hihilingin.

* Pagliban ng ama upang maalagaan ang anak

Ayon sa napagpasyahang Kasunduan sa Paggawa, may mga pagkakataong hindi mapapahintulutan ang ama na lumiban sa trabaho kung ang asawa ay walang trabaho at nasa bahay lamang. Gayunpaman, bagama't may ganitong pagkakataon, maaari pa ring makakuha ang ama ng kahit 8 linggong pagliban upang maalagaan ang anak pagkatapos makapanganak ang kanyang asawa.

Kinakailangang magkaroon ang isang pinagtatrabahuhan ng mga sumusunod na hakbang para sa kanyang mga manggagawang may mga pinapalaking anak na may edad mababa pa sa 3 taon.

- Sistema para sa maigsing oras ng paggawa
- Sistemang *flexible* o maaaring baguhing oras ng paggawa
- Ang madaling baguhing simula o katapusan ng oras ng paggawa
- Ang hindi mapabilang sa paggawa ng higit pa sa itinakdang gawain
- Pagkakaroon ng programa upang masuportahan sa gastusin ang mga manggagawang maglalagak ng anak sa mga *day-care centers*.

Ngunit, liban sa programang ito na nag-uukol sa pag-aalaga ng anak na higit pa sa isang taong gulang (isang taon at kalahati, para sa ibang programa) ay wala nang maibibigay pang ibang hakbang.

Ang mga nagtatrabahong magulang na nagpapalaki ng kanilang mga anak na hindi pa nakakatuntong sa mababang paaralan, batay sa balidong kadahilanan, kung kanilang hihilingin sa pinagtatrabahuhan, ay maaaring hindi mapabilang sa mga panggabing oras ng paggawa (mula 10:00 ng gabi hanggang 5:00 ng umagang paggawa).

Ang mga nagtatrabahong magulang na nagpapalaki ng kanilang mga anak na hindi pa nakakatuntong sa mababang paaralan, batay sa balidong kadahilanan, kung kanilang hihilingin sa pinagtatrabahuhan, ay maaaring hindi mapabilang sa pagkakaroon ng 150 oras na karagdagang gawain sa isang taon at 24 na oras na karagdagang gawain sa isang buwan.

Ang mga nagtatrabahong magulang na nagpapalaki ng kanilang mga anak na di pa nakakatuntong sa mababang paaralan, ay maaaring lumiban sa trabaho nang hanggang 5 araw bawat taon upang matingnan o maalagaan ang anak na nasugatan sa aksidente o nagkaroon ng karamdaman.

Ipinagbabawal ang pagpapaalis sa trabaho ng manggagawang magulang sa kadahilanang nakakaabala sa trabahong hatid ng pagkuha ng pagliban upang matingnan ang anak.

Mangyaring ipaabot ang inyong mga katanungan sa:

Kanagawa Rôdô Koyô Kintôshitsu o Kanagawa Labor Bureau and Equal Employment Office
Telepono Bilang 045-211-7380

Programang Tumutulong upang Maipabalik sa Pinagtatrabahuhan Matapos Tumigil Upang Maalagaan ang Anak, at iba pa

May programang inilulunsad upang matulungan ang mga tumigil dahil sa pag-aalaga ng anak na nagnanais na makabalik sa pinagtatrabahuhan. Ito ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon at seminar. Bukod dito, maaari ring tingnan ang ikinakalap na impormasyon sa Hurrah Hurrah Net (<http://www.202net.jp>) na nag-uukol sa paghahanda upang makabalik sa trabaho.

Mangyaring ipaabot ang inyong mga katanungan sa:

Zaidan Hôjin Nijûisseki Shokugyô Zaidan o Japan Institute of Workers' Evolution.

Sustento sa Panganganak, Kabuuang Sustento to Lump Sum Allowance para sa Pag-aalaga ng Sanggol, at iba pa

Mayroong programang nagbibigay ng sustento sa panganganak, kabuuang sustento sa pag-aalaga ng kapapanganak na sanggol, at iba pa. At habang nasa pagliban sa trabaho dahil sa pag-aalaga ng bata ay maaari ring hindi mapabilang sa mga nagbabayad ng *social insurance* o panlipunang seguro.

Mangyaring ipaabot ang mga katanungan sa:

Shakai Hoken Jimusho, Kenkô Hoken Kumi-ai o Social Security Office, Health Insurance Society, atbp.

Sustento Habang Lumiliban sa Trabaho upang Maalagaan ang Anak

Kapag nakatanggap na ng pagliban sa trabaho upang maalagaan ang anak at may balidong kadahilanan, may sistemang tinatawag na *kyûgyô zenchinkin* kung saan makakakuha ng benepisyong 40% na magmumula sa *employment insurance* habang kumukuha ng pagliban.

Mangyaring ipaabot ang mga katanungan sa:

Kôkyô Shokugyô Anteisho o Public Employment Office (Hello Work).

Tarheta ng Pagbibigay-alam ng Gabay sa Pag-aalaga ng Kalusugan ng Ina

Motherhood health care guidance matter communication card

母性健康管理指導事項連絡カード

Para sa Pinagtatrabahuhan:

Pangalan ng Institusyong Medikal.....

Pangalan ng Manggagamot.....(selyo).

Ang may pangalang nakasulat sa Bilang 1 sa ibaba, ayon sa resulta ng pagtingin pati na rin ng gabay pangkalusugan ng manggagamot ay nararapat na tugunan ng mga hakbang na nakasulat sa Bilang 2-4 sa ibaba.

1. Pangalan, atbp.

Pangalan	Bilang ng linggo ng pagdadalang-tao	Ika- Linggo	Nakatakdang araw ng panganganak	Taon/Buwan/araw
----------	-------------------------------------	----------------	---------------------------------	-----------------

2. Mga Punong Gabay (Bilugan ang kinaaangakupang punong gabay)

Mga sintomas, atbp.		Mga Punong Gabay	Mga Pinagbabatayang Hakbang
<i>Morning sickness</i> o pagduduwal at pagkahilo	Kapag kapansin-pansin na ang mga sintomas		Pagbabawas ng oras sa trabaho.
<i>Hyperemesis</i> o lumalalang pagduduwal			Pagliban sa trabaho (upang magpa-ospital)
<i>Anemia</i> o kakulangan sa dugo	Mataas pa sa Hb9g/dl Mababa pa sa 11g/dl		Hindi pagbibigay ng mabibigat na trabaho at pagbabawas ng oras sa trabaho
	Mababa pa sa Hb9g/dl		Pagliban sa trabaho (upang magpapahinga sa bahay)
<i>Intrauterine Growth Retardation (IUGR)</i> o naantalang paglaki ng sanggol sa sinapupunan	Hindi pa lumalala ang karamdaman		Hindi pagbibigay ng mabibigat na trabaho at pagbabawas sa oras ng trabaho
	Lumalala na ang karamdaman		Pagliban sa trabaho (upang magpapahinga sa bahay o magpa-ospital)
<i>Threatened abortion</i> o maaaring paglaglag ng sanggol (bago mag ika-22 linggo ng pagdadalang-tao)			Pagliban sa trabaho (upang magpapahinga sa bahay o magpa-ospital)
<i>Threatened premature delivery</i> o maaaring panganganak nang wala sa panahon (mula ika-22 linggo ng pagdadalang-tao)			Pagliban sa trabaho (upang magpapahinga sa bahay o magpa-ospital)
<i>Edema</i> o Pamamanas	Hindi pa lumalala ang karamdaman		Hindi pagbibigay ng mabibigat na trabaho, trabahong nangangailangan ng pagtayo ng mahabang oras o parehong posisyon at pagbabawas ng oras sa trabaho
	Lumalala na ang karamdaman		Pagliban sa trabaho (upang magpa-ospital)
Alta-presyon hatid ng pagdadalang-tao	<i>Albuminurya</i> o pagkakaroon ng labis na protina sa ihi	Hindi pa lumalala ang karamdaman	Hindi pagbibigay ng mabibigat na trabaho, hindi hahayaang magkastreet o nerbyos sa trabaho, pagbabawas ng oras sa trabaho
		Lumalala na ang karamdaman	Pagliban sa trabaho (upang magpa-ospital)
	Alta-presyon o mataas na presyon ng dugo	Hindi pa lumalala ang karamdaman	Hindi pagbibigay ng trabahong mabigat, pagtayo ng matagal sa trabaho, parehong posisyon o pagbabawas ng oras sa trabaho
		Lumalala na ang karamdaman	Pagpapahinga (pagpapaospital)
Sakit na dala bago pa man ang pagbubuntis (sa pagkakataong makikita ang paglala ng sintomas)	Hindi pa lumalala ang karamdaman		Hindi pagbibigay ng mabibigat na trabaho at pagbabawas ng oras sa trabaho
	Lumalala na ang		Pagliban sa trabaho (upang magpapahinga sa

hatid ng pagbubuntis)	karamdaman		bahay o magpa-ospital)
Mga Sintomas, atbp.		Punong Gabay	Pinagbabatayang Hakbang
Sakit na madaling kumapit sa nagdadalang-tao	<i>Varices</i> o malalaking mga ugat	Kapag kapansin-pansin na ang mga sintomas	Hindi pagbibigay ng trabahong nangangailangan ng matagalang pagtayo, parehong posisyon at pagbibigay ng pahingang nangangailangan ng paghiga
	<i>Hemorrhoids</i> o Almuranas	Kapag kapansin-pansin na ang mga sintomas	
	Pananakit ng balakang o ng mababang bahagi ng likod	Kapag kapansin-pansin na ang mga sintomas	Hindi pagbibigay ng trabahong nangangailangan ng matagalang pagtayo, parehong posisyon at trabahong makakasama sa balakang
	<i>Cystitis</i> o sakit sa pantog	Hindi pa lumalala ang karamdaman	
Lumalala na ang karamdaman			Pagliban sa trabaho (upang magpa-ospital)
<i>Multiple pregnancy</i> o panganganak ng kambal, <i>triplets</i> , atbp. (bilang ng sanggol)			Ang hindi pagbibigay ng mabibigat na trabaho at pagbabawas ng oras sa trabaho ay kailangang matugunan. Kinakailangan ng pag-aalaga kung ito ay <i>multiple pregnancy</i> partikular na ang may higit pa sa tatlong anak sa sinapupunan.
Hindi sapat na pagpapahinga pagkapanganak	Hindi pa lumalala ang karamdaman		Hindi pagbibigay ng mabibigat na trabaho at pagbabawas ng oras sa tabaho
	Lumalala na ang karamdaman		Pagliban sa trabaho (upang magpahinga sa bahay

Isulat sa ibaba kung may karagdagan at iba pang hakbang na kinakailangan tugunin

--

3. Panahong ibibigay sa mga nakasulat sa bilang 2 (Bilugan lamang ang naaangkop)

1 linggo (mula hanggang)	
2 linggo (mula hanggang)	
4 na linggo (mula hanggang)	
At iba pa ()	

4. iba pang hakbang (kung kinakailangan pang tugunin ang ibang hakbang, bilugan lamang ang naaangkop sa ibaba)

Kaluwagan sa pagpasok at pag-uwi mula trabaho habang nagdadalang-tao	
Oras ng pahinga sa trabaho habang nagdadalang-tao	

[Tandaan]

- (Para sa iba pang hakbang na nakasulat sa bilang 4) Tinitignan dito ang kalagayan sa pagbibiyaha ng trabaho habang nagdadalang-tao. Kung kinakailangang tumugon sa iba pang hakbang, mangyaring bilugan lamang ang kahon.
- (Para sa iba pang hakbang na nakasulat sa bilang 4) Tinitignan dito ang kalagayan sa trabaho at ng nagdadalang-tao. Kung kinakailangang tumugon sa iba pang hakbang, mangyaring bilugan lamang ang kahon.

Pormularyo ng Pagtugon sa mga Gabay

Batay sa nakalahad sa itaas at sa payo ng manggagamot ako ay humihiling ng pagtugon sa mga nasabing gabay.

Petsa: Taon Buwan Araw

Pangkat _____

Pangalan _____

Sa Tagapamahala ng Pinagtatrabahuhan

Pupunan ng manggagamot ang [Tarheta ng Pagbibigay-alam ng Gabay sa Pag-aalaga ng Kalusugan ng Ina].

Pupunan naman ng nagdadalang-tao ang [Pormularyo ng Pagtugon sa mga Gabay]

Paunawa Ukol sa Pagpapa-eksamen para sa Kanser sa Matris o Bahay-bata

子宮がん検診のお知らせ

Nagiging suliranin para sa mga kababaihang nasa edad na 20~30 ang tungkol sa posibilidad ng pagkakaroon ng kanser sa matris o bahay-bata at sa edad 40 naman ang ukol sa kanser sa suso.

Sa Lungsod ng Yokohama, maaring magpatingin para sa *uterine cancer* ang mga kababaihang may edad ng 20 pataas. Ngunit dahil sa may pinagbabatayang pagitan sa edad, ginagawa lamang ang eksamen nang 1 beses sa loob ng dalawang taon.

Ang kasalukuyang nagpapagamot ay hindi maaaring bigyan ng eksamen.

1. Saan maaaring magpatingin

Itinalagang Institusyong Medikal

Mangyaring direktang mag-aplay ang mga nagnanais magpatingin

Makikita ang mga itinalagang pagamutan sa homepage ng *Yokohamashi Kenkō Fukushi Kyoku* o Yokohama Health and Welfare Bureau

(<http://www.city.yokohama.jp/me/kenkou/14594.html>).

2. Nilalaman ng eksamen

(1) *Gynecological Examination* o eksamen para sa kababaihan

(2) *Cervical Canter Examination* o *Pap smear*

*Kinakailangang kumuha ng *uterine biopsy* kung ito ang ipinapayo ng duktora at kung mayroong pahintulot mula sa nagpapatingin. (Ito ay may bukod na kabayaran).

3. Mga dapat bayaran

Eksamen sa matris ¥1,360

Kapag sinuri ang matris at binigyan ng *uterine biopsy* ¥2,620

*Hindi na kinakailangang magbayad ang:

(1) May edad ng 70 taon gulang at pataas

Magdala lamang ng *Health Book*, *Health Insurance ID card* o iba pang magpapatunay ng edad

(2) Tumatanggap ng suporta mula sa gobyerno, mga hindi na pinapagbayad ng buwis o mayroon *senior citizens ID card*. (Sapagkat kinakailangan ang pagpaparehistro sa *Fukushi Kenkō Senta* Public Health and Welfare Center sa inyong distrito, mangyaring ipagbigay-alam ang mga katanungan bago magpatingin.)

Mangyaring ipaabot ang mga katanungan sa:

Kenkō Fukushi Kyoku Seisakuka o Yokohama Health and Social Welfare Bureau, Health Care Policy Division Telepono Bilang: 671-2453

Suporta sa mga Magulang na Nagpapalaki ng mga Anak

お母さん・お父さんの子育てを応援します

Lalong nagiging abala ang mga magulang sa mga gawain pagkatapos ang pagkapanganak. Ito ay kadalasang nagiging dahilan ng *stress*, pagiging mainitin ng ulo, hindi pagtulog at paghihina ng katawan. Sa mga pagkakataong ito, may mga programang inilalaan upang masuportahan ang mga magulang sa pag-aalaga ng anak.

Tignan ang Web Site ng [*Yokohama Kosodate Jōhō Kyoku* o Yokohama Parenting Information Bureau]. Gawain nito ang:

1. Magtayo ng tanggapang hinggil sa pagsuporta sa mga anak bata at pamilya, pagbibigay sangguni sa mga kabataan, atbp.
2. Programang nagbibigay ng eksameng medikal sa mga anak at *jidō teate* o tulong-pantustos sa mga anak
3. Gabay ukol sa mga itinalagang paalagaan ng mga bata o *day-care centers*
4. Impormasyon ukol sa mga palaruan ng mga bata, atbp.

Makikita ang mga nakalap na impormasyon ukol sa pagpapalaki ng anak sa:

<http://www.city.yokohama.jp/me/kosodate/>

Pagpapadala ng *helper* sa inyong tahanan pagkapanganak

1. Para sa mga may anak na nasa edad 2 buwan, pababa; walang sapat na lakas sa pag-aalaga sa anak at sa paggawa sa bahay; sa araw ay walang ibang tutulong sa mga gawain sa bahay
2. Sa loob ng isang taon matapos magkaanak nang marami (kambal, *triplets*, atbp.) ay ipapadala ang *helper* mula sa tanggapang nakikipag-ugnayan sa Lungsod ng Yokohama na tutulong sa pag-aalaga ng mga bata, atbp.

(Ang kabayaran, bilang ng beses na hihiling ng serbisyo: 2 oras sa bawat beses; 2 beses sa 1 araw; 10 araw lamang na serbisyong maibibigay (Sa bilang 2, ay 20 araw ang serbisyong maibibigay)

Mangyaring ipaabot ang mga katanungan sa:

Kodomo Seishōnen Kyoku Kodomo Kateika o Child and Family Division ng Child and Youth Bureau Telepono Bilang: 671-2455

Pagsangguni Ukol sa Pagbibigay Suporta sa Anak at Pamilya

Ang *Public Health and Welfare Center* na matatagpuan sa bawat ward ay nagbibigay ng iba't ibang payo hinggil sa mga suliraning may kinalaman sa pagpapalaki ng anak, hindi pagpasok sa paaralan, pang-aapi sa anak sa paaralan, atbp.

Mangyaring huwag mag-atubiling sumangguni sa telepono.

Ang Magbibigay-suporta

Pagpayo sa pag-aalaga ng bata

Magiging magkatuwang ang magulang at ang dalubhasang tagapayo sa pag-iisip ng pamamaraan para sa mga alalahanin sa pagpapalaki sa anak.

Sa pinakamalapit na tanggapan ng bawat ward ay inilulunsad ang *kosodate sōdan* o pagbibigay-sangguni ukol sa pag-aalaga sa anak.

Maaari ka bang sumaglit at makipanayam sa amin?

Mga grupo o pangkat na sumusuporta sa pag-asikaso sa anak

Sa tanggapan ay may mahuhusay sa pag-aalaga na tutulong upang pasayahin ang bawat aktibidad ng inyong anak.

Pag-aaral Ukol sa Pag-aalaga ng Anak sa inyong Komunidad.

Ang *Public Health and Welfare Center* sa bawat ward ay nagbibigay ng mga leksyon para sa ina na may anak na nasa 0 taon gulang (unang pagkakataon na magkaanak) ukol sa pag-aalaga ng anak isang beses sa isang buwan sa *chōnan kaikan* o pulungan sa bawat komunidad Dito nabubuo ang pagkakaibigan sa pagitan ng mga ina at nagbibigay din ng payo ang mga nars at komadrona habang tinitignan ang kalagayan ng anak.

Ipaabot ang mga katanungan sa Public Health and Welfare Center ukol sa pag-aalaga ng anak at sa malapit na pulungan.

Mangyaring ipaabot ang iba pang mga katanungan sa:

Kodomo Katei Shien Tantō o Family Support Section ng Public Health and Welfare Center sa bawat ward (pahina 94)

Mga Lugar na Maaaring Pagtipunan ng Magulang at Anak

Isa sa mga paraan upang matugunan ang suliranin sa pagpapalaki sa anak ay ang paglalaan ng tipanan para sa mga magulang at anak. Ito ay matatagpuan sa mga bakanteng lugar ng *shōtengai* o *shopping arcades, mansion at apartment*

Mangyaring ipaabot ang mga katanungan sa:

Kodomo Seishōnen Kyoku Chiiki Kosodate Shienka o Child and Youth Bureau ng Regional Child Care Support Division Telepono Bilang: 671-4157

Ang mga Pribadong *Kindergarten* ay isang *Hamakko-Hiroba* (Palaruan Para sa mga “Anak ng Yokohama”)

May mga inilalaang ligtas na lugar kung saan maaaring maglaro ang mga bata kasama ng kanilang mga magulang pag nagtapos na ang mga klase sa mga *kindergarten schools*. Dito nabubuo ang pagkakaibigan sa pagitan ng mga magulang at anak at pati na rin ang pakikipagpalitan ng mga kaalaman.

Mangyaring ipaabot ang mga katanungan sa:

Child and Youth Bureau ng Regional Childcare Support Division Telepono bilang: 671-4157

Pagpaparehistro sa Hoikusho o *Day-Care Centers*

May mga Hoikusyo na nag-aalaga sa inyong mga anak sa mga panahong hindi ito maalagaan sa bahay dahil sa trabaho, sakit, atbp.

Mangyaring ipaabot ang mga katanungan sa:

Hoiku Tanto o Childcare Section ng Public Health and Welfare Center sa bawat ward
(pahina 94)

Pag-aalaga sa mga Anak na may Karamdaman

Ang serbisyong paalagaang ito ay inilalaan sa mga batang nasa edad na 6 buwan hanggang sa edad bago pumasok ng mababang paaralan. Ito ay para sa magulang na dahil sa trabaho ay hindi magawang maalagaan ang anak na may karamdaman. Upang makagamit ng nasabing serbisyo, kinakailangang munang magparehistro, magpareserba, atbp. Magkakahalaga ito ng ¥2000 bawat araw. (Maaaring makakuha ng libreng serbisyo o bawas sa halagang babayaran)

Itinakdang pagamutan	Lugar	Telepono Bilang
Shibuya Child Clinic "Kurikko"	Futō-chō, Kohoku Ward	542-6941
Mizuno Clinic "Ohisama"	Minami Yamata-chō, Tsuzuki Ward	595-1233
Hoshikawa Children's Clinic "Animo"	Hoshikawa, Hodogaya Ward	336-2264

Mangyaring ipaabot ang mga katanungan sa:

Kodomo Seishōnen Kyoku Hoiku Un-eika o Nursery Operations Division ng Child and Youth Bureau
Telepono Bilang 671-2399

Pag-aalaga sa mga Anak na Kagagaling lamang sa Sakit

May serbisyong inilalaan sa mga batang nagpapagaling pa sa sakit na nasa edad bago pumasok sa mababang paaralan. May limang paalagaan o nursery sa Yokohama na magbibigay ng serbisyo para rito. Kinakailangang magparehistro, pagpareserba, atbp. Magkakahalaga rin ito ng ¥2,000 bawat araw.

Itinakdang Paalagaan	Lugar	Telepono Bilang
Aozora Dai-ni Nursery	Rokkakubashi, Kanagawa Ward	413-1114
Mutsumi-chō Nursery	Mutsumi-chō, Minami Ward	710-6230
Yōkōdai Chūō Fukuzawa Nursery	Yōkōdai, Isogo Ward	831-7173
Kirara Nursery	Nokendai Higashi, Kanazawa Ward	790-3440
Ryokuen Naeba Nursery	Ryokuen, Midori Ward	810-6131

Mangyaring ipagbigay-alam ang mga katanungan sa:

Nursery Operations Division ng Child and Youth Bureau Telepono Bilang: 671-2399

Ang Tulong mula sa Hoikusho o *Childcare Support Center*

Ang mga nabanggit na *Childcare Support Center* at ang lahat ng mga pribadong paalagaan ay maaaring gawing palaruan para sa inyong mga anak.

Bukod dito, kung tatawag o tutungo, ang mga nasabing Support Center ay nagbibigay rin ng pagsangguni ukol sa inyong mga alalahanin.

Dito rin nagkakaroon ng pagkakaibigan at pakikipagtalastasan sa pagitan ng mga anak kaya't huwag mag-atubiling bumisita sa inyong malapit na Hoikusho.

Mangyaring ipagbigay ang mga katanungan sa:

Hoiku Tanto o Childcare Organization Section ng Public Health and Welfare Center sa bawat ward. (pahina 94)

Ang *Childcare Support System* sa Lungsod ng Yokohama

Kinakailangang magparehistro ang lahat ng mamamayang nakatira sa Yokohama na nagnanais mabigyan ng mga suportang may kinalaman sa pagpapalaki ng anak, at iba pa. Binibigay sa mga magulang at *guardians* ang suporta katulad ng sa mga selebrasyon, pagpasok sa trabaho, pagpapa-ospital, at iba pa. Para sa mga karagdagang detalye ukol sa kabayaran, atbp., mangyaring ipagbigay ang mga katanungan sa:

Tanggapang pagtatanungan at pag-aaplayan	Telepono Bilang	Fax Bilang
【Council of Social Welfare (<i>Shakai Fukushi Kyōgikai</i>) sa bawat ward】		
Council of Social Welfare sa Tsurumi-ward	504-5619	504-5616
Council of Social Welfare sa Kanagawa-ward	311-2014	313-2420
Council of Social Welfare sa Nishi-ward	322-6848	313-0560
Council of Social Welfare sa Naka-ward	681-6664	641-6078
Council of Social Welfare sa Minami-ward	260-2510	251-3264
Council of Social Welfare sa Konan-ward	841-0256	846-4117
Council of Social Welfare sa Hodogaya-ward	341-9876	334-5805
Council of Social Welfare sa Asahi-ward	392-1123	392-0222
Council of Social Welfare sa Isogo-ward	751-0739	751-8608
Council of Social Welfare sa Kanazawa-ward	788-6080	784-9011
Council of Social Welfare sa Kohoku-ward	547-2324	531-9561
Council of Social Welfare sa Midori-ward	931-2478	934-4355
Council of Social Welfare sa Aoba-ward	972-8836	972-7519
Council of Social Welfare sa Tsuzuki-ward	948-4058	943-1863
Council of Social Welfare sa Totsuka-ward	866-8434	862-5890
Council of Social Welfare sa Sakae-ward	894-8521	892-8974
Council of Social Welfare sa Izumi-ward	802-2150	804-6042
Council of Social Welfare sa Seya-ward	361-2117	361-2328
Yokohama City Council of Social Welfare	201-2062	201-1620

Pagbibigay Sangguni Para sa mga Kabataan

Nagbibigay kami ng pagsangguni hinggil sa anumang suliranin para sa mga kabataang nasa edad na hindi pa umaabot sa 18 taong gulang (17 taon pababa) kung saan may nakatalagang dalubhasa na tutulong sa ikalulutas ng mga suliraning ito.

Para sa mga naninirahan sa Tsurumi, Kanagawa, Nishi, Minami, Hodogaya, Asahi, Izumi at Seya Wards

..... *Chūō Jidō Sōdanshō* Central Counselling Center for Children Tel: 331-5471

Para sa mga naninirahan sa Naka, Kōnan, Isogo, Kanazawa, Totsuka, Sakae Wards

..... *Nanbu Jidō Sōdanshō* o Southern Counselling Center for Children Tel: 831-4735

Para sa mga naninirahan sa Kōhoku, Midori, Aoba, Tsuzuki Wards

..... *Hokubu Jidō Sōdanshō* o Northern Counselling Center for Children Tel: 948-2441

Telepono Bilang Para sa Tanggapan ng Konsultasyon

(Ito ay para sa naninirahan sa lahat ng Wards sa Yokohama)

Tel: 333-4152

(Tanggapan ng tawag: tuwing Lunes - Biyernes mula 9:00 ng umaga hanggang 5:30 ng hapon; at tuwing Sabado mula 9:00 ng umaga hanggang 4:30 ng hapon)

Hotline para sa mga Kabataang Naaabuso sa Yokohama

Mapa-madaling araw man, Sabado o Linggo ay may 24 na oras na hotline na nagbibigay sangguni at tumatanggap ng pagbibigay-alam o report ukol sa mga bagay na may kinalaman sa pang-aabusong nararanasan ng mga kabataan.

Serbisyong Freedial: 0120 – 805 – 240

Pagsangguni sa mga Pagkakataong Nahahirapan sa Pagpapalaki ng Anak

Ang *Danjo Kyōdō Sankaku Center* (Central Institution for Gender Equality) sa Yokohama Minami ay nagbibigay ng konsultasyon kung bilang mga magulang ay may pag-aalala sa pag-aalaga at pagpapalaki ng anak, at iba pa mula 0-taon gulang hanggang sa edad ng bata bago magsimulang pumasok ng paaralan.

Para sa mga katanungan, mangyaring tumawag sa:

Danjo Kyōdō Sankaku Center ng Yokohama Minami

(Central Institution for Gender Equality Yokohama Minami)

Te: 711-1154

Lunes – Huwebes: mula 10:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali

mula 1:00 hanggang 4:00 ng hapon

Biyernes: mula 10:00 hanggang 12:00 ng tanghali

Ang Sabado, Linggo at Ikatlong Lunes ng buwan ay araw ng pahinga

Hinggil sa Programang Nagbibigay ng Tulong-Pantustos sa Pagpapagamot

医療給付などの援助制度について

Sa mga pagkakataong nakakaranas ng karamdaman ang inyong anak, mayroong programang nagbibigay tulong-pantustos sa pagpapagamot. May mga nakatalagang programa para sa iba't ibang uri ng mga karamdaman. Mangyaring tiyaking mabuti ang mga ito bago mag-aplay.

Programang Pantustos para sa Pagpapagamot ng Pinapalaking Sanggol pa lamang na Anak

Ang programang pagpapagamot na ito ay nakatalaga sa mga pagkakataong na-o-ospital ang mga kapapanganak pa lamang na sanggol na may timbang na 2000 gramo pababa. Ang bahagi ng bayaring nauukol sa mga magulang ay magiging sagutin ng Lungsod ng Yokohama sa pagamutan.

Programang Pantustos sa Pagpapagamot ng mga Anak na may Karamdamang Tuberkulosis

Ito ay para sa mga anak na may tuberculosis na nakapasok sa Institusyong Medikal na itinalaga ng Japan para sa karamdamang ito. Ang gugugulin para sa gastusin ay sasagutin ng Pamahalaan ng Yokohama ngunit kinakailangan ng pamilya na magsumite ng dokumentong nag-uulat ng sahod. At batay sa sahod na ito ay babalikatin ng pamilya ang isang bahagi ng gastusin sa nakatalagang pagamutan sa huli.

Bukod dito ay sasagutin din ng pamahalaan ang pangangailangan sa ospital at sa pag-aaral ng inyong anak.

Programang Pantustos sa Pagpapalaki ng Anak na may Kapansanan

Ang programang ito ay nakalaan para sa mga anak na ipinanganak na may kapansanan o mga nagkaroon ng kapansanan nang dahil sa karamdaman na nagpapagamot sa Institusyong Medikal itinalaga ng pamahalaan para sa karamdaman ng inyong anak. Ang gastusing nakatalagang balikatin ng pamilya ay magiging sagutin ng pamahalaan. Ngunit sa pagkakataong ito, kinakailangan ng pamilyang magsumite ng dokumentong nag-uulat ng sahod. At batay sa sahod na ito ay babayaran ang isang bahagi ng gastusin sa nakatalagang pagamutan sa huli.

Mga Napapabilang sa Programang ito (mga anak na may edad na bago mag 18-taong gulang)

Kapansanan sa kamay, paa at buong pangangatawan: ipinanganak nang may nakalinsad na buto sa bahagi ng balakang o *congenital dislocation of the hip joint*, atbp.

Kapansanan sa bahaging mata at tainga: pagkaduling/pagkabanlag o *squint/strabismus*;

Kapansanan sa gitnang bahagi ng tainga o *malformation of the middle ear*

Kapansanan sa pananalita: nakabiyak na ngalangala o *cleft palate*, atbp.

Sakit sa puso • bato: sakit sa bahagi ng daluyan ng dugo sa puso o *ventricular septal defect* (VSD) • pamamaga ng daluyan ng ihi sa bato o *hydronephrosis*

Ipinanganak nang may sakit sa loob na bahagi ng katawan: sakit sa ibabang bituka o *megacolon*

Immunological disorder na dulot ng HIV o AIDS virus

Programang Pantustos Para sa Pagpapagamot ng Maliliit na Anak na may Katanga-tanging Talamak na Karamdaman

Para sa mga anak na may edad na hindi pa umaabot sa 18-taong gulang o 17-taong gulang pababa (sakaling nasa 18-taong gulang na at nagnanais na makinabang sa programang ito, maaaring humingi ng extension o pagpapalawig nang hanggang sa hindi pa umaabot na 20-taong gulang) na nagpapagamot ng mga sumusunod na karamdaman (may pinagbabatayang baitang sa pagpapagamot ng bawat karamdaman) sasagutin ng pamahalaan ang gastusing nakatalagang balikatin ng pamilya ngunit kinakailangang magsumite ng dokumentong nag-uulat ng sahod. At batay sa sahod na ito ay babalikatin ng pamilya ang isang bahagi ng gastusin sa nakatalagang pagamutan sa huli.

<i>malignant tumor</i> talamak na sakit sa bato talamak na sakit sa paghinga talamak na karamdaman sa puso <i>internal secretion disease</i> <i>collagen disease</i>	diyabetis <i>Congenital Metabolic Disorders</i> o karamdaman sa metabolismong nakuha nuong kapanganakan sakit sa dugo: <i>hemophilia</i> at <i>immunity disease</i> <i>nerve · muscle disorder</i> o sakit sa ugat at kalamnan talamak na sakit sa panunaw
---	--

Mangyaring ibigay ang mga katanungan sa:

Fukushi Hoken Södangakari ng Fukushi Hoken Center sa Public Health and Welfare Center sa bawat Ward Office.
 (pahina 94)

Programang Nagbibigay-Tulong Upang Matustusan ang Pagpapagamot ng Inyong Maliliit na Anak

Bilang isang paraan ng pagbuo ng kapaligiran kung saan matiwasay na mapapalaki ang inyong anak, may programang nagbibigay-tulong sa pagpapagamot sa itinalagang mga institusyong medikal para sa mga anak na nakarehistro sa medical insurance.

Edad	0-taong gulang	1-5 taong gulang	6-taong gulang hanggang sa edad ng pagtatapos sa Junior High School
Mga Mapapabilang sa Programang ito	Kasalukuyang naka- <i>confine</i> sa ospital; pumupunta lamang upang magpagamot	Kasalukuyang naka- <i>confine</i> sa ospital; pumupunta lamang upang magpagamot	Mga kasalukuyang naka- <i>confine</i> sa ospital lamang
May Pagbabatayang Kita o Sahod ng Magulang at Guardian	Wala	Mayroon	
Mga Magiging Kasali sa Programa	Para sa Lahat	Para sa mga may sahod na mas mababa pa sa pinagbabatayan ng pamahalaan	Para sa mga may pensyon o nenkin na mas mababa pa sa pinagbabatayan ng pamahalaan
Pakikinabang sa Programa	Maaaring hindi na ibalik pa sa hinaharap ang ipinantustos ng pamahalaan	Maaaring hindi na ibalik pa sa hinaharap ang ipinantustos ng pamahalaan	Ibabalik sa hinaharap ang halaga sa nakatalagang Ward Office
Medical ID Card	Mayroong ibibigay		Walang ibibigay

Upang mapakinabangan ang nasabing programa, kinakailangang mag-aplay rito

Hindi na makakasali sa programang ito ang mga tumatanggap ng tulong mula sa iba pang programa.

Para sa karagdagang kaalaman: Ibigay ang mga katanungan sa *Hoken Nenkin* o Insurance and Annuity Division ng Public Health and Welfare Center sa bawat ward (pahina 94)

Patnubay Para sa Jidō Teate (Pantustos sa Pagpapalaki sa Anak)

Ang Jidō Teate ay isang programang inilalaan upang matiwasay na mapalaki ang mga anak. Mangyaring mag-aplay sa programang ito matapos ang panganganak.

- Ang Mapapabilang sa Programa -

Para sa mga nagpapalaki ng anak na nasa edad hanggang magtapos sa paaralang elementarya

- Halaga ng Pantustos -

Unang Anak/Ikalawang Anak = Sa Bawat Isa sa Bawat Buwan ¥ 5,000

Ikatlong Anak/pataas = Sa Bawat Isa sa Bawat Buwan ¥ 10,000

- Paalala -

Kinakailangang mag-aplay upang makalahok sa programang ito.

Bilang tuntunin, magsisimula ang pagtanggap ng pantustos isang buwan matapos ang pag-aplay. Kung sakaling liban sa itinakdang araw na pag-aplay na isang buwan matapos ang panganganak o paglipat ay nagsimulang mag-aplay sa loob ng 15 araw matapos ang panganganak o paglipat, magsisimula ang pagtanggap ng pantustos sa parehong buwan ng pag-aplay.

Kinakailangang mag-aplay sa lalong madaling panahon sapagkat hindi magiging saklaw ng tulong pantustos na ito ang mga panahon at buwan kung saan hindi pa napapabilang sa programang ito.

May pinagbabatayang sahod o kita ang programang ito.

Mapapabilang din sa programang ito ang mga dayuhang may tamang papeles upang manirahan sa Japan.

Maging ang mga lumahok nuong nakaraan na hindi naaprubahan ay may pagkakataon pa ring sumali. Ipakita lamang tuwing Mayo ng bawat taon ang dokumentong nagsasaad ng sahod at mag-aplay na rin sa nasabing buwan.

Para sa karagdagang kaalaman: Ibigay ang mga katanungan sa *Kodomo Katei Shien Tantō* o Family Support Section ng Public Health and Welfare Center sa bawat ward(pahina 94)

Talaan ng mga Public Health and Welfare Center

各区福祉保健センターお問い合わせ先

Pangalan ng Ward	Service Division					Public Health and Social Services Division	Health Insurance & Annuity Division	Lugar
	Health and Welfare Guidance Section	Family Support Section	Child Care Section	Disabled Persons Support Section	FAX	Health promotion Section	Health Insurance Section	
Aoba	978-2445	978-2456	978-2428	978-2453	978-2427	978-2438	978-2337	31-4 Ichigao-chō, Aoba-ku Ichigao Sta. (Tokyu)
Asahi	954-6115	954-6150	954-6137 Family Support Section	954-6145	955-2675	954-6146	954-6138	1-4-12 Tsurugamine , Asahi-ku Tsurugamine Sta. (Sotetsu)
*Izumi	Izumichuo Shimoizumi Fujimigaoka District Section 800-2445	Northern Izumi Kamiida Kamiida-Danchi Icho-Danchi District Section 800-2434	Nakagawa Ryokuen Shinbashi District Section 800-2447	Nakata Shirayuri District Section 800-2485	800-2513	Promotion Division Health Examination Section 800-2444	Health Insurance & Annuity Division Health Insurance Section 800-2425	4636-2 Izumi-chō, Izumi-ku Izumichūō Sta. (Sotetsu)
Isogo	750-2491	750-2448	750-2435	750-2416	750-2540	750-2445	750-2428	3-5-1 Isogo, Isogo-ku Isogo Sta. (J R)
Kanagawa	411-7097	411-7111	411-7157	411-7114	324-3702	411-7139	411-7126	3-8 Hirodai-Ōtamachi Higashi-Kanagawa Sta.(J R) Tanmachi Sta. (Tokyu)
Kanazawa	788-7773	788-7785	788-7772	788-7849	786-8872	788-7840	788-7837	2-9-1 Deiki, Kanazawa-ku Kanazawa-Hakkei Sta. (keikyū/Seaside Line) Kanazawa-bunko Sta.(Keikyū)
Konan	847-8454	847-8410	847-8499	847-8459	845-9809	847-8438	847-8423	10-1 Konanchūōdōri, Konan-ku Konanchūō Sta. (Subway)
Kohoku	540-2317	540-2319	540-2280	540-2236	540-2396	540-2363	540-2351	26-1 Mamedo-chō, Kōhō-ku Okurayama Sta. (Tokyu)
Sakae	894-8409	894-8410	894-8434	894-8184	893-3083	894-6964	894-8426	303-19 Katsura-chō, Sakae-ku Hongodai Sta. (J R)
Seya	367-5713	367-5748	367-5703	367-5715	364-2346	367-5744	367-5727	190 Futatsubashi-chō, Seya-ku Mitsuzakai Sta. (Sotetsu)
Tsuzuki	948-2301	948-2318	948-2321	948-2316	948-2309	948-2350	948-2336	32-1 Chigasakichūō, Tsuzuki-ku Senta Minami Sta.(Subway)
Tsurumi	510-1768	510-1850	510-1890	510-1778	510-1897	510-1832	510-1807	3-20-1 Tsurumichūō, Tsurumi-ku Tsurumi Sta. (J R/Keikyū)
Totsuka	866-8429	866-8467	866-8466	866-8463	881-1755	866-8427 Health and Welfare Promotion Section	866-8450	157-3 Totsuka-chō, Totsuka-ku Totsuka Sta. (J R/Subway)
Naka	224-8161	224-8171	224-8175	224-8165	224-8159	224-8332	224-8317	35 Nihon-ōdōri, Naka-ku Kannai Sta. (J R/Subway)
Nishi	320-8401	320-8467	320-8472	320-8418	290-3422	320-8439	320-8427	1-5-10 Chūō, Nishi-ku Tobe Sta. (Keikyū) Hiranumabashi Sta. (Sotetsu)
Hodogaya	334-6382	334-6352	334-6297	334-6383	334-6030	334-6345	334-6338	2-9 Kawabe-chō, Hodogaya-ku Hoshikawa Sta. (Sotetsu)
Midori	930-2308	930-2361	930-2331	930-2433	930-2310	930-2357	930-2344	118 Terayama-chō, Midori-ku Nakayama Sta. (J R)
Minami	743-8213	743-8248	743-8276	743-8245	714-7989	743-8242	743-8238	3-48-1 Hananoki-chō, Minami-ku Maita Sta. (Subway) Idogaya Sta. (Keikyū)

May nakatalaga sa pook na inyong tinitirhan kapag kayo ay nasa Izumi Ward.

Emergency Medical Centers: Bukas Maging Madaling Araw at Araw ng Pista

夜間・休日急患診療所

■Mga tatawagan kung biglaang nagkaroon ng karamdaman (Ang mga ito ay magpapaalam ng karampatang institusyong medikal)

Yokohama Emergency Medical Information Center Tel : 201-1199 Bukas 24 Oras · Buong Taon
Address : 6-107 Aioi-cho, Naka-ku

■**Panggabing Emergency Medical Center (Biglaang Karamdanan sa gabi)**

Panggabing Emergency Medical Center sa Sakuraguchō

Iba-iba ang oras ng pagpapatingin

Tinatanggap na konsultasyon: Internal Medicine; Pediatrics (sa bata); Ophthalmology; Para sa Tainga, Ilong at Lalamunan

Oras : Internal medicine at Pediatrics 18:00 ~ 24:00

Ophthalmology at sa Tainga, Ilong at

Lalamunan 20:00 ~ 24:00

Araw-araw tuwing gabi

Tel : 212-3535

Lugar : 1-1 Sakuragicho, Naka-ku

Mula nuong Abril ng 2006 ay nagsimula nang magbigay serbisyo para sa Internal Medicine at Pediatrics nang kahit lampas ng ika-12 ng madaling araw. Para sa detalye, tumawag sa Yokohama Emergency Medical Information Center. Tel. 201-1199. Araw-araw sa isang buong taon.

■**Northern Yokohama Nighttime Emergency Medical Center**

Tanggapan : Internal Medicine, Pediatrics

Oras: 20:00 ~ 24:00

Bukas: Araw-araw tuwing gabi

Tel : 911-0088

Lugar : 1-23-4 Ushikubonishi, Tsuzuki-ku

■**Southwest Yokohama Nighttime Emergency Medical Center**

Tanggapan : Internal Medicine, Pediatrics

Oras : 20:00 ~ 24:00

Bukas: Araw-araw tuwing gabi

Tel : 806-0921

Address : 1-9-8 Nakatakita, Izumi-ku

■**Biglaang Pagbibigay-sangguni para sa mga anak na nagkaroon ng karamdaman**

Nagbibigay ng sangguni kahit tuwing holidays sakaling biglaang nagkaroon ng suliraning pangkalusugan ang inyong anak. May mga nars na handing magbigay ng konsultasyon

Yokohama Emergency Medical Information Center

Tel : 201-1174

Oras ng Pagbibigay-sangguni

Lunes-Biyernes	18:00 – 24:00
Sabado	13:00 – 24:00
Public Holiday	9:00 – 24:00

■**Dental Health and Medical Center (Sakit sa Ngipin sa Gabi at public holidays)**

Yokohama Dental Health and Medical Center

Tanggapan : Dentista

Oras ng Tanggapan :

Holidays: 10:00 – 15:30

Sa gabi: 19:00 – 23:45

Oras ng Pagkonsulta:

Oras ng Pagkonsulta: 19:00 ~ 23:00

Mga Araw: Tuwing gabi ng Linggo, Holidays, Ika-29 ng Disyembre ~ Ika-apat ng Enero (Katapusan at Pagbubukas ng Taon

Telepono Bilang : 201-7737

■**Holiday Emergency Clinic (Para sa Biglaang Karamdanan sa Sundays at holidays)**

Mangyaring dalhin ang inyong insurang card tuwing magpapatingin

Aoba-ku	Tel: 973-2707	Aoba-ku Fujigaoka 2-20-10
Internal medicine, Pediatrics / Oras 9:00 ~ 12:00, 13:00 ~ 16:00 Konsultasyon 9:00 ~ 12:00, 13:00 ~ 16:00		
Asahi-ku	Tel: 363-2020	Asahi-ku Futamatagawa1-88-16
Internal medicine, Pediatrics / Oras 9:30 ~ 16:00 Konsultasyon 10:00 ~ 16:00		
Izumi-ku	Tel: 801-2280	Izumi-ku Nakatakita 1-9-8
Internal medicine, Pediatrics / Oras 9:45 ~ 16:00 Konsultasyon 10:00 ~ 16:00		
Isogo-ku	Tel: 753-6011	Isogo-ku Takigashira 2-31
Internal medicine, Pediatrics / Oras 10:00 ~ 16:00 Konsultasyon 10:00 ~ 16:00		
Kanagawa-ku	Tel: 317-5474	Kanagawa-ku Tanmachi 1-8-4
Internal medicine, Pediatrics / Oras 10:00 ~ 16:00 Konsultasyon 10:00 ~ 16:00		
Kanazawa-ku	Tel: 782-8785	Kanazawa-ku Kanazawa-cho 48
Internal medicine, Pediatrics, Dentista / Oras 9:30 ~ 16:00 Konsultasyon 10:00 ~ 16:00		
Konan-ku	Tel: 842-8806	Konan-ku Konan-chuodori 7-29
Internal medicine, Pediatrics / Oras 9:45 ~ 15:45 Konsultasyon 10:00 ~ 16:00		
Kohoku-ku	Tel: 433-2311	Kohoku-ku Kikuna 4-4-22
Internal medicine, Pediatrics / Oras 9:50 ~ 15:50 Konsultasyon 10:00 ~ 16:00		
Sakae-ku	Tel: 893-2999	Sakae-ku Kuden-cho 635-7
Internal medicine, Pediatrics / Oras 9:30 ~ 16:00 Konsultasyon 10:00 ~ 16:00		
Seya-ku	Tel: 302-5115	Seya-ku Hashido 1-36-1
Internal medicine, Pediatrics / Oras 9:30 ~ 16:00 Konsultasyon 10:00 ~ 16:00		
Tsuzuki-ku	Tel: 911-0088	Tsuzuki-ku Ushikubo-nishi 1-23-4
Internal medicine, Pediatrics / Oras 10:00 ~ 16:00 Konsultasyon 10:00 ~ 16:00		
Tsurumi-ku	Tel: 503-3851	Tsurumi-ku Tsurumi-chuo 4-21-3
Internal medicine, Pediatrics / Oras 10:00 ~ 15:30 Konsultasyon 10:00 ~ 16:00		
Totsuka-ku	Tel: 852-6221	Totsuka-ku Harajuku 3-59-2
Internal medicine, Pediatrics / Oras 9:45 ~ 16:00 Konsultasyon 10:00 ~ 16:00		
Naka-ku	Tel: 622-6372	Naka-ku Honmoku-cho 2-353
Internal medicine, Pediatrics / Oras 10:00 ~ 16:00 Konsultasyon 10:00 ~ 16:00		
Nishi-ku	Tel: 322-5715	Nishi-ku Chuo 1-15-18
Internal medicine, Pediatrics / Oras 10:00 ~ 16:00 Konsultasyon 10:00 ~ 16:00		
Hodogaya-ku	Tel: 335-5975	Hodogaya-ku Tenno-cho 1-21
Internal medicine, Pediatrics / Oras 9:30 ~ 15:30 Konsultasyon 10:00 ~ 16:00		
Midori-ku	Tel: 937-2300	Midori-ku Nakayama-cho 1156-6
Internal medicine, Pediatrics / Oras 9:00 ~ 12:00, 13:00 ~ 16:00 Konsultasyon 9:00 ~ 12:00, 13:00 ~ 16:00		
Minami-ku	Tel: 731-2416	Minami-ku Shuku-cho 4-76-1
Internal medicine, Pediatrics / Oras 9:30 ~ 15:30 Konsultasyon 10:00 ~ 16:00		

